



KAPASIYAHAN BLG. 2026-21

“NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG 6, H-2025 NG BARANGAY NG TALAMPAS, BUSTOS, BULACAN ANG NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (ANNUAL BUDGET) PARA SA TAONG 2026 NA NAGKAKAHALAGA NG PITONG MILYON, ANIM NA DAAN LABING LIMANG LIBO, WALONG DAAN DALAWAMPU'T DALAWANG PISO (P7,615,822.00).”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Aljhaneal E. Quiñones

Tagapangulo

Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba

SAPAGKA'T, naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Talampas para sa kanilang *Annual Budget* na laang gugulin para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng P7,615,822.00;

SAPAGKA'T, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Talampas at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

SAPAGKA'T, ang nasabing kautusan ng Barangay Talampas, ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

IPINASIYA, gaya ng dito ay **IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kautusan Blg. 6, H-2025 ng Barangay Talampas, Bustos, Bulacan na nauukol sa *annual budget* para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng Pitong Milyon, Anim na Daan Labing Limang Libo, Walong Daan Dalawampu't Dalawang Piso (P7,615,822.00).

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN


BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN


044 761 0069 | sbbustosbulacann@gmail.com | www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos

PINAGTIBAY, ngayong ika-27 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.



Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni


Kyle Gabrielle DR Navarro
Kasangguni


Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni


Aljhaneal E. Quinones
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni



Melvin H. Melencio
Kasangguni


John Erich L. Perez
Kasangguni


Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni



Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-27 ng Enero taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim